

ANTAS NG KASANAYAN, KAHIRAPAN AT HAMON SA PAGBASA NG MGA MAG-AARAL NA NASA BAITANG 7 AT BAITANG 8 NG BARRETTO NATION HIGH SCHOOL

Jessica B. San Pedro , Daryll Jim R. Angel

President Ramon Magsaysay State University

ABSTRAK : Ang pananaliksik na ito ay isinagawa upang masusing suriin ang kalagayan ng pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 at 8 ng Barretto National High School, partikular na ang mga nasa antas ng pagkabigo. Sa pamamagitan ng Explanatory Sequential Mixed Methods Design, pinagsanib ang datos mula sa pagsusulit at mga personal na karanasan ng mga bata upang makabuo ng isang angkop na interbensyong materyal na tinawag na IKABASA. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng Explanatory Sequential Mixed Methods Design (Creswell & Plano Clark, 2018). Ang disenyong ito ay estratehikong pinili upang bigyang-daan ang dalawang magkasunod na yugto: ang kwantitatibo at kwalitatibo. Sa halip na magkahiwalay na pagsusuri, ang mga numerikal na datos mula sa unang yugto ang magsisilbing pundasyon sa pagbuo ng mga katanungan para sa kwalitatibong bahagi. Layunin nitong gamitin ang karanasan ng mga kalahok upang bigyang-linaw at palalimin ang mga resultang nakuha mula sa mga estadistika (Ivankova et al., 2006).

I. INTRODUKSIYON

Ang pagbabasa ay isang pundamental na kasanayang nagsisilbing pundasyon ng lahat ng pagkatuto. Sa ika-21 siglo, ang pag-unawa sa binabasa ay hindi lamang akademikong pangangailangan kundi isang mahalagang kasangkapan sa pakikibahagi sa lipunan. Gayunpaman, nahaharap ang Pilipinas sa isang krisis: ang patuloy na pagbaba ng antas ng kasanayan sa pagbasa, lalo na sa antas sekundarya.

Ang suliraning ito ay lalong pinalala ng pandemyang COVID-19, na nagresulta sa malaking learning gap o agwat sa pagitan ng aktuwal at inaasahang kasanayan ng mga mag-aaral (Schult et al., 2022). Ang mga salik gaya ng kahirapan, sosyoekonomikong kalagayan, at kawalan ng suporta ay lalong nagpapabigat sa sitwasyong ito.

Sa global na konteksto, binigyang-diin ng Global Education Evidence Advisory Panel (GEEAP) ang pangangailangan para sa agarang solusyon upang maiwasan ang pangmatagalang pinsala sa produktibidad ng mga kabataan. Ang mababang pagganap ng Pilipinas sa Programme for International Student Assessment (PISA) noong 2018 at 2022 ay patunay na maraming mag-aaral ang tumataas ang baitang nang hindi nakakamit ang batayang kasanayan sa pagbasa.

Dahil dito, ang responsibilidad sa pagtuturo ng pagbasa ay hindi na lamang nasa balikat ng mga guro ng wika kundi maging sa mga guro ng iba't ibang asignatura. Subalit, lumilitaw din ang isyu ng kakulangan sa sapat na pagsasanay at kaalamang pedagogical ng mga guro upang epektibong matugunan ang krisis na ito. Bagama't may mga umiiral na inisyatiba tulad ng Brigada Pagbasa, Filipinowitan, at Project PARES, nananatiling hamon ang kakulangan sa sistematiko at kontekstuwalisadong materyales sa wikang Filipino. Karamihan sa mga kasalukuyang interbensyon ay nakatuon sa wikang Ingles, na nag-iiwan ng malaking puwang sa pananaliksik para sa antas sekundarya sa Filipino.

Sa Barretto National High School, partikular sa Baitang 7 at 8, nasasalaming ang krisis na ito. Batay sa resulta ng PHIL-IRI pretest sa nakalipas na dalawang taon, patuloy na dumami ang mga mag-aaral na nasa antas ng "Pagkabigo" (frustration-level). Ang pangunahing balakid ay ang kakulangan ng mga materyales na tuwirang tumutugon sa espesipikong pangangailangan ng mga mag-aaral sa nasabing paaralan.

Isinagawa ang pag-aaral na "Antas ng Kasanayan, Kahirapan at Hamon sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Baitang 7 at 8 ng Barretto National High School" upang matukoy ang kanilang kakayahan at makabuo ng kagamitang interbensyon sa Filipino. Nakatuon ang interbensyong ito sa paglinang ng kasanayan, mula palabigkasan hanggang pag-unawa na gamit ang mga lokal na teksto. Layunin nitong palakasin ang mga programang pang-remediation at tugunan ang mga suliraning pang-edukasyon sa antas sekundarya.

II. METODOLOHIYA

Disenyo ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng Explanatory Sequential Mixed Methods Design (Creswell & Plano Clark, 2018). Ang disenyong ito ay estratehikong pinili upang bigyang-daang ang dalawang magkasunod na yugto: ang kwantitatibo at kwalitatibo. Sa halip na magkahiwalay na pagsusuri, ang mga numerikal na datos mula sa unang yugto ang magsisilbing pundasyon sa pagbuo ng mga katanungan para sa kwalitatibong bahagi. Layunin nitong gamitin ang karanasan ng mga kalahok upang bigyang-linaw at palalimin ang mga resultang nakuha mula sa mga estadistika (Ivankova et al., 2006).

Sa unang yugto, gagamitin ang Descriptive-Evaluative Research Design upang sistematikong ilarawan ang propayal ng mga respondente at tukuyin ang antas ng kanilang kasanayan at kahirapan sa pagbasa. Ang ebalwatibong bahagi naman ay direktang ilalapat sa pagtatasa ng kalidad at kaangkupan ng binuong interbensiyong materyal. Upang mas mapatibay ang pagsusuri sa loob ng framework na ito (Creswell, 2014), gagamitin ng ANOVA para sa komparatibong pagkakaiba at Pearson r para sa ugnayan ng mga baryabol, na magbibigay ng malinaw na larawan kung saang aspeto ng pagbasa higit na nangangailangan ng pansin ang mga mag-aaral.

Sa ikalawang yugto, ilalapat ang Phenomenological Research Design (Creswell & Poth, 2018) upang masaliksik ang mas malalim na kahulugan ng mga datos na nakuha sa unang bahagi. Layunin nitong unawain ang mga aktwal na hamon at pananaw ng mga mag-aaral mula sa kanilang sariling mga karanasan. Ang mga personal na pahayag na ito ay hihimayin gamit ang Reflexive Thematic Analysis nina Braun at Clarke (2021) para makabuo ng mga temang magsisilbing paliwanag sa mga resulta ng naunang pagsusuri.

Sa kabuuan, ang integrasyon ng dalawang pamamaraang ito sa ilalim ng Explanatory Sequential design ay tinitiyak na ang pananaliksik ay hindi lamang magpapakita ng lawak ng suliranin sa pagbasa, kundi magbibigay din ng malalim na konteksto at solusyon batay sa aktwal na karanasan ng mga mag-aaral.

Paraan ng Paglikom ng Datos

Ang pangangalap ng datos sa pananaliksik na ito ay isinagawa nang sistematiko at sunud-sunod ayon sa dalawang yugto ng Explanatory Sequential Mixed Methods Design: (1) kwantitatibong yugto (Descriptive-Evaluative) at (2) kwalitatibong yugto (Phenomenological). Ang mga resulta ng unang yugto ang nagsilbing batayan sa pagbuo at pagpapalalim ng ikalawang yugto (Creswell & Plano Clark, 2018). Ang buong proseso ay nakaayos sa iskedyul ng Aral Reading Program at sa mga patakaran ng Kagawaran ng Edukasyon, kabilang ang DepEd Memorandum No. 064, s. 2025 at DepEd Order No. 12, s. 2025.

Bago ang aktwal na pangangalap ng datos, isinagawa ang validation ng mga instrumentong gagamitin, tulad ng PHIL-IRI para sa pagsukat ng katatagan at pag-unawa sa pagbasa, Reading Resources Evaluation Tool (DepEd Memorandum No. 64, s. 2023) para sa pagtatasa ng IKABASA, at FGD Guide Questions para sa kwalitatibong bahagi. Kasabay nito, nagsumite ng pormal na liham ng pahintulot sa Schools Division Superintendent at sa punong-guro ng Barretto National High School. Tiniyak din na ang lahat ng kasangkapan ay balido, maaasahan, at sumusunod sa etikal na pamantayan.

Isinagawa rin ang oryentasyon kasama ang mga guro at kaugnay na kawani upang ipaliwanag ang layunin, disenyo, at daloy ng pangangalap ng datos. Matapos nito, isinagawa ang PHIL-IRI pretest upang matukoy ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral, at ang mga nasa lebel ng pagkabigo ang napiling kalahok sa interbensyon. Ang mga nakuhang datos ay maingat na naitala at inayos para sa pagsusuri.

Sumunod na isinagawa ang reading remediation sa loob ng humigit-kumulang 30 araw gamit ang IKABASA sa ilalim ng Aral Reading Program. Bago ito, kumuha ng informed consent mula sa mga magulang at assent mula sa mga mag-aaral, kung saan ipinaliwanag ang boluntaryong paglahok, karapatang umatras, at pagiging kompidensiyal ng datos.

Kasabay ng implementasyon, isinagawa ang ebalwasyon ng IKABASA ng mga dalubhasang guro at eksperto gamit ang Reading Resources Evaluation Tool. Sinuri ang kalidad, kaangkupan, organisasyon, at katanggap-tanggap ng materyal. Ang mga resulta ay sinuri gamit ang weighted mean at iba pang deskriptibong estadistika, kasama rin ang komparatibo at korelasyunal na pagsusuri upang higit na maunawaan ang datos. Sa ikalawang yugto, isinagawa ang Focus Group Discussion (FGD) sa piling mag-aaral upang tuklasin ang kanilang mga karanasan, damdamin, at hamon sa pagbasa, pati na ang kanilang karanasan sa paggamit ng IKABASA. Anim na mag-aaral na mula sa iba't-ibang lebel ng pagkabigo ang sinadyang pinili upang maging kalahok sa isinagawang FGD.

Ang mga datos mula sa FGD ay sinuri gamit ang Reflexive Thematic Analysis upang matukoy ang mahahalagang tema. Sa huli, isinagawa ang pagsasanib ng kwantitatibo at kwalitatibong datos sa yugto ng interpretasyon upang makabuo ng mas komprehensibo at malalim na pag-unawa sa suliranin sa pagbasa, alinsunod sa Explanatory Sequential Mixed Methods Design.

Pagtrato ng mga Datos

Dahil ang pag-aaral na ito ay pinagsama ang kwantitatibo at kwalitatibong disenyo ng pag-aaral, ang mga sumusunod na kasangkapan ang gagamitin upang suriin ang datos sa istatistika at mga sipi:

Porsyento. Ito ang ratio ng anumang numero sa kabuuan. Ginamit ito upang tukuyin ang proporsyon ng mga respondente na nabibilang sa bawat baitang, lebel ng pagbasa, at kasarian.

Pamamahagi ng Dalas. Pagkatapos ng yugto ng pangangalap, kailangang ayusin ang datos. Ginamit ang isang talahanayan ng distribusyon ng dalas (frequency distribution table). Ito ang gagamitin upang i-rank ang nakitang antas ng pagbasa ng mga respondente.

Weighted Mean. Ginamit ito upang matukoy ang pangkalahatang persepsyon ng mga respondente tungkol sa nakitang antas ng pagbasa mula sa PHIL-IRI at pati na rin sa resulta ng Descriptive Survey.

Difficulty Index. Ginamit upang matukoy kung aling mga tanong sa PHIL-IRI ang pinakamahirap sa mga bata.

Pearson r. Ginamit ito upang makita kung mayroong makabuluhang ugnayan ang kasanayan sa pagbasa at antas ng kahirapan ng mga tanong (index of difficulty).

F-test/ANOVA. Ang paggamit ng pormulang ito ay para matignan ang koneksyon ng kasanayan sa pagbasa base sa baitang at kasarian ng mga estudyante.

Reflexive thematic analysis. Ang mga kwalitatibong datos mula sa Focus Group Discussion (FGD) na isinagawa gamit ang semi-structured interview guide ay sinuri sa pamamagitan ng Reflexive Thematic Analysis (RTA). Ginamit ang pamamaraang ito upang matukoy at mailarawan ang mga pangunahing tema at pattern ng kahulugan mula sa mga karanasan at pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang mga hamon sa pagbasa. Isinagawa ang pagsusuri alinsunod sa anim na yugto nina Braun at Clarke: (1) pagiging pamilyar sa datos, (2) paunang pagko-code, (3) pagbuo ng mga tema, (4) pagsusuri at pagpino ng mga tema, (5) pagbibigay ng pangalan at depinisyon sa mga tema, at (6) naratibong paglalahad ng mga resulta. Kinikilala ng RTA ang aktibong papel ng mananaliksik sa interpretasyon ng datos at nakatuon sa lalim ng kahulugan kaysa sa dalas ng mga sagot. Ang mga temang nabuo mula sa FGD ay sinuri nang hiwalay sa datos na kwantitatibo at isinama sa yugto ng interpretasyon upang patatagin at palawakin ang mga resulta ng evaluative-descriptive survey.

III. PAGTALAKAY SA MGA RESULTA

Masusing inilahad ang mga resultang nakuha mula sa isinagawang pag-aaral. Sa tulong ng mga talahanayan, binigyan ng malalim na pagsusuri at paliwanag ang mga datos upang direktang masagot ang mga suliraning ipinahayag sa simula ng pananaliksik.

Ipinapakita ng Talahanayan 1 ang kabuuang bilang ng mga respondente sa pag-aaral, na binubuo ng mga mag-aaral at guro. Sa kabuuan, mayroong 81 mag-aaral at 3 guro na kalahok.

Talahanayan 1

Pamamahagi ng Dalas ng mga Respondente

Respondente (Baitang)	Kabuuan ng mga Mag-aaral	Kabuuan ng mga Guro
Baitang 7	56	3
Baitang 8	25	
Kabuuan	81	3

Para sa Baitang 7, mayroong 56 mag-aaral at 3 guro na kasangkot sa pag-aaral. Samantala, sa Baitang 8, mayroong 25 mag-aaral, ngunit wala nang dagdag na guro dahil ang parehong tatlong guro rin ang sumasaklaw sa dalawang baitang.

Propayl ng mga Mag – aaral

Ang bahaging ito ay nagpapakita ng demograpikong katangian ng mga mag-aaral na nagging bahagi ng pananaliksik upang magkaroon ng konteksto sa lawak ng sakop ng pag-aaral.

Talahanayan 2

Propayl ng mga Mag – aaral

	Propayl	Frequency	Percent
Baitang	7	56	69.14
	8	25	30.86
	Total	81	100
Kasarian	Babae	42	51.85
	Lalaki	39	48.15
	Total	81	100

Ipinapakita sa talahanayang ito na ang pag-aaral ay binubuo ng 81 na mag-aaral. Ang nakararami ay mula sa Baitang 7 na may bilang na 56 (69.14%), habang ang Baitang 8 ay binubuo ng 25 (30.86%).

Sa aspeto ng kasarian, halos pantay ang distribusyon na 42 na babae (51.85%) at 39 na lalaki (48.15%). Ang datos na ito ay nagpapatunay na ang suliranin sa pagbasa ay kinakaharap ng parehong kasarian sa magkaibang antas ng baitang. Ayon sa ilang pananaliksik nina Fabella at Abaoag (2023), at Tolibas (2025), nakaaapekto ang mga salik tulad ng kasarian, edad, etnisidad, at antas ng pag-aaral ng mga magulang sa lebel ng pagbasa ng mga mag-aaral.

Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag – aaral Batay sa Resulta ng PHIL – IRI

Talahanayan 3.1

Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag – aaral sa Baitang 7 Batay sa Resulta ng PHIL - IRI

Score	Descriptive Rating	Frequency	Percent
8 – 10	Independent	0	0
5 -7	Instructional	7	12.5
0 – 4	Frustration	49	87.5
	Total	56	100

Ang talahanayan 3.1 ay nagpapakita ng distribusyon ng mga mag-aaral sa Baitang 7 ayon sa antas ng pagbasa. Batay sa mga datos, ang malaking bahagdan ng mga mag-aaral sa Baitang 7 ay nasa Frustration Level na may kabuuang bilang na 49 o 87.50%. Ipinapakita nito na ang nakararami sa klase ay hirap sa pagkilala ng salita o pag-unawa sa binasa sa kanilang kasalukuyang antas.

Talahanayan 3.2 : Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag – aaral sa Baitang 8 Batay sa Resulta ng PHIL - IRI

Score	Descriptive Rating	Frequency	Percent
8 – 10	Independent	0	0
5 -7	Instructional	8	32
0 – 4	Frustration	17	68
	Total	25	100

Batay sa talahanayan 3.2, makikita ang distribusyon ng mga mag-aaral sa Baitang 8 ayon sa antas ng pagbasa. Ang pinakamataas na bilang ng mga mag-aaral ay nasa antas ng Pagkabigo na may kabuuang 17 o 68%. Ipinapakita nito na sa pangkalahatan, ang mga mag-aaral sa Baitang 8 ay nahihirapan sa pag-unawa sa binabasa at nangangailangan ng masusing gabay at interbenyon mula sa guro.

Talahanayan 3.3

Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag – aaral sa Baitang Batay sa Resulta ng PHIL – IRI

Score	Descriptive Rating	Frequency	Percent
8 - 10	Independent	0	0
5 - 7	Instructional	15	18.52
0 - 4	Frustration	66	81.48
	Total	81	100
Mean		2.74	
		Frustration	

Batay sa Talahanayan 3.3, nakababaha ang resulta ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral dahil 81.48% (66 na mag-aaral) ang nasa Frustration Level. Walang mag-aaral ang nakatamo ng Independent Level, at ang pangkalahatang mean score na 2.74 ay nagpapatunay na ang karamihan ay nahihirapan sa pag-unawa ng tekstong binabasa.

Ang resultang ito na nagpapakita ng malaking bahagdan ng mga mag-aaral sa antas ng pagkabigo ay sumasailalim sa obserbasyon ni Albano (2023) na marami pang mag-aaral ang umaabot sa mataas na antas ng paaralan na hindi pa rin bihasa sa pagbasa. Alinsunod din ito sa natuklasan ni Tolibas (2025) na ang bumaba hangnag sa "sentence level" ang kalagayan ng pagbasa sa mga pampublikong paaralan ay nangangailangan ng agarang interbensyon.

Antas ng Kahirapan sa Pagbasa ng mga Mag – aaral Batay sa Resulta ng PHIL – IRI

Ang bahaging ito ay naglalayong himayin kung aling mga kasanayan sa pag-unawa pinakanahirapan ang mga mag-aaral.

Talahanayan 4: Antas ng Kahirapan sa Pagbasa ng mga Mag – aaral Batay sa Resulta ng PHIL – IRI

Difficulty Level	Difficulty Index	Frequency	Percent
Very Easy	0.81 - 1.00	0	0
Easy	0.61 - 0.80	0	0
Moderately Difficult	0.41 - 0.60	15	18.52
Difficult	0.21 - 0.40	41	50.62
Very Difficult	0.00 - 0.20	25	30.86
Total		81	100
Mean		18.86	
		Very Difficult	

Ang interpretasyong Very Difficult (Napakahirap). Ang datos na 50.62% ng mga mag-aaral ay nasa *Difficult* at 30.86% ang nasa *Very Difficult* ay isang indikasyon na ang mga binabasa nila sa kasalukuyan ay hindi tumutugma sa kanilang *prior knowledge at decoding skills*. Ito ay nagreresulta sa pagkawala ng motibasyon dahil ang bawat pangungusap ay nagsisilbing balakid sa halip na impormasyon. Sa pagsusuri ng bawat aytem sa Talahanayan 5, makikita na ang Aytem 9 at 10 ay nakakuha ng difficulty index na 0.00, na nangangahulugang walang mag-aaral ang nakasagot nang tama sa mga bahaging ito. Ang mga aytem na ito ay itinuturing na Very Difficult, habang ang ibang aytem ay naglalaro sa Average hanggang Difficult.

Ayon sa ilang pag-aaral nina Estremera (2021), Dela Cruz (2022), at Almerino et al. (2021) na itinuturing na na "napakapanghamon" o "very difficult" ang mga reading assessment sa kasalukuyang panahon. Ayon kay Estremera (2021), nakaapekto sa kasanayan sa pagbasa, binigyang-diin na ang kakulangan sa bokabularyo at limitadong eksposur sa mga tekstong pang-akademiko ang dahilan kung bakit nakikita ng mga mag-aaral na "napakaselan" o mahirap ang mga katanungan sa pagsusulit. Sinuri naman ni Dela Cruz (2022) ang implementasyon ng PHIL-IRI at nakitang ang mga materyales ay madalas na hindi tugma sa kasalukuyang reading readiness ng mga bata matapos ang pandemya, na nagreresulta sa mataas na difficulty index sa mga pagsusulit. Habang si Almerino et al. (2021) na sa mga pampublikong paaralan ay nagpakita na ang reading comprehension ng mga mag-aaral ay nananatili sa mababang antas, kaya ang mga standard na tanong ay lumalabas na "Very Difficult" sa kanilang persepsyon at aktwal na marka.

Talahanayan 5 : Item Difficulty Index of the PHIL – IRI Comprehension Test

Item	Correct Responses (R)	Difficulty Index (P)	Level of Difficulty
Item 1	27	0.33	Difficult
Item 2	37	0.46	Average / Moderately Difficult
Item 3	43	0.53	Average / Moderately Difficult
Item 4	35	0.43	Average / Moderately Difficult
Item 5	35	0.43	Average / Moderately Difficult
Item 6	30	0.37	Difficult

Item 7	24	0.30	Difficult
Item 8	28	0.35	Difficult
Item 9	0	0.00	Very Difficult
Item 10	0	0.00	Very Difficult

Ipinapakita ng talahanayan ang pagsusuri ng kahirapan ng bawat item batay sa bilang ng tamang sagot (R) at difficulty index (P). Makikita na may iba't ibang antas ng kahirapan ang mga tanong mula sa napakahirap hanggang sa katamtaman.

Ayon sa datos, ang mga item na may pinakamataas na difficulty index ay ang Item 3 (0.53) at nasa antas na "Average/Moderately Difficult," na nagpapahiwatig na ito ang pinakamadaling nasagutan sa mga item. Sinundan ito ng Item 2 (0.46), Item 4 at 5 (parehong 0.43), na pawang nasa katamtamang antas din ng kahirapan. Ipinapakita nito na may ilang tanong na may balanseng antas ng kahirapan na angkop sa kakayahan ng mga respondente.

Samantala, may mga item na itinuturing na "Difficult" tulad ng Item 1 (0.33), Item 6 (0.37), Item 7 (0.30), at Item 8 (0.35), na nagpapahiwatig na mas mababa ang bilang ng mga nakasagot nang tama sa mga ito. Pinakamahirap naman ang Item 9 at Item 10 na parehong may difficulty index na 0.00 at itinuturing na "Very Difficult," na nangangahulugang walang nakasagot nang tama sa mga item na ito.

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na ang instrumento ay may halo ng katamtaman hanggang mahihirap na item, na mahalaga upang masuri ang iba't ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa.

Hamong Kinakaharap ng mga Mag – aaral sa Pagbasa

Sa bahaging ito ipinapakita ang paghimay sa mga siping nakuha sa FGD na binuo ng apat na mag-aaral ng Baitang 7 at dalawa mula sa Baitang 8. Mula sa direktang sipi, kinuha ang mga koda, sub-tema, kategorya, na nakapaloob na sa tatlong iminungkahing tema: 1) Pagkabalisa sa pagbasa dulot ng takot sa negatibong reaksyon ng mga kaglase, 2) Kahirapan sa pag-unawa at pagproseso ng binabasang teksto, at 3) Hindi kanais-nais na kapaligiran at sitwasyon na nakaaapekto sa pagkatuto.

Ang matrix na ito ay nagpapakita na ang hamon sa pagbasa ay hindi lamang isang isyung pang-akademiko kundi isang kombinasyon ng emosyonal, teknikal, at kapaligirang salik. Ang mataas na antas ng Frustration Level na nakita sa iyong kwantitatibong datos ay may malalim na ugat sa takot ng mga bata na mapag-iwanan at mapahiya. Gayunpaman, ang pagkilala sa booklet bilang isang "salbabida" ay nagpapatunay na ang tamang interbensyon ay nakakabawas sa "takot" na nararamdaman nila tuwing oras ng pagbabasa.

Ang mga nakuhang tema: Pagkabalisa sa pagbasa dulot ng takot sa negatibong reaksyon ng mga kaglase, Kahirapan sa pag-unawa at pagproseso ng binabasang teksto, at Hindi kanais-nais na kapaligiran at sitwasyon na nakaaapekto sa pagkatuto, ay nagrerepresenta sa malawak na kaisipan mula sa pinakaespiyipikong datos hango sa FGD at ang sintesis ay ang pagsama mula sa resulta ng kwantitatib.

Talahanayan 6 : Hamong Kinakaharap ng mga Mag – aaral sa Pagbasa

Pangunahing Tema	Subthemes	Direktang Sipi
Pagkabalisa sa pagbasa dulot ng takot sa negatibong reaksyon ng mga kaglase	Emosyonal na Seguridad sa Pagbasa	<ul style="list-style-type: none"> ● <i>"Kinakabahan po talaga ako nang sobra... baka asarin ako ng mga kaglase ko kapag nagkamali ako" (K3).</i> ● <i>"Baka po magkamali ako ng basa, tapos tatawanan po ako ng mga kaglase ko" (K4).</i> ● <i>"Minsan po nanginginig po yung boses ko" (K2).</i>

Kahirapan sa pag-unawa at pagproseso ng binabasang teksto	Mga teknikal na hadlang sa pagbabasa at pagproseso ng impormasyon.	<ul style="list-style-type: none"> ● "Sakit sa ulo... ang hirap-hirap po intindihin lalo na kung English" (K1). ● "Yung mga mahahabang salita po. Nalilito po ako kung paano sila babasahin nang direktso" (K2). ● "Tatlong beses ko nang binasa, pero parang wala pa rin pong pumapasok sa isip ko" (K1).
Hindi kanais-nais na kapaligiran at sitwasyon na nakaaapekto sa pagkatuto	Mga panlabas na salik sa bahay at paaralan na nakaaapekto sa konsentrasyon.	<ul style="list-style-type: none"> ● "Sa school po, kasi maingay po sa bahay. Marami pong bata, tapos may TV pa" (K1). ● "Sa bahay po, kasi yung mga kapatid ko po laging naglalaro ng ML sa tabi ko, ang ingay po nila" (K2). ● "Minsan mabilis po yung turo, kaya hindi ko rin po masyadong nasasabayan" (K1).

Ang **Pagkabalisa sa pagbasa dulot ng takot sa negatibong reaksyon ng mga kaklase** ay sumasalamin sa sikolohikal at emosyonal na balakid ng mga respondente, partikular na tumutukoy sa mga negatibong emosyon at sikolohikal na hadlang tulad ng 'kaba at takot'— *Kahirapan sa pag-unawa at pagproseso ng binabasang teksto*, na nararamdaman ng mga bata sa harap ng klase na nagpapababa sa motibasyon ng mga mag-aaral na nasa Lebel ng Pagkabigo. Ayon kay Soares, Boyes, Parrila, and Badcock (2023), ang reading anxiety ay may malakas na ugnayan sa mababang reading achievement. Ang mga bata ay nakakaranas ng kaba ay mas nakatuan sa kanilang pagkakamali kaysa sa pag-unawa sa teksto Ayon kina Tomas et al. (2021), ang mga hamon sa pagbasa ay nagsisilbing batayan para sa mga programa sa paaralan upang matugunan ang mga emosyonal at akademikong pangangailangan ng bata.

Ang **Kahirapan sa pag-unawa at pagproseso ng binabasang teksto** naman ay inilalarawan ang komplikadong proseso ng pag-unawa at decoding kung saan tila naliligaw ang mag-aaral sa dami ng mahihirap na bokabularyo. Lumabas ang mga koda na: *Mahihirap at hindi pamilyar na salita*, *Paulit-ulit na pagbabasa ng teksto*, *Nalilito sa mahahabang pangungusap*, at *Hirap sa pagkuha ng pangunahing ideya* na tumutukoy sa teknikal na kakulangan sa pagtuturo at pagsasanay sa pagbasa sa araw-araw na leksyon sa klase na hindi sapat para sa mga estudyanteng nakakuha ng mababang lebel sa pagunawa o Lebel ng Pagkabigo (Frustration). Binanggit nina Schult et al. (2022) na ang *learning gap* ay lalong lumalawak habang hindi natutugunan ang kakulangan sa pundasyon ng pagbasa. Ipinapakita nito ang malaking gap sa decoding skills. Ang mga bata ay hindi makaproseso ng mahahabang salita, na humahantong sa mabilis na pagkawala ng interes.

Ang **Hindi kanais-nais na kapaligiran at sitwasyon na nakaaapekto sa pagkatuto** na tema ay nagpapakita sa tunggalian ng mga pangkapaligirang salik tulad ng distraksyon sa paligid at ang kritikal na papel ng guro sa mga sumusunod na koda: *Maingay na kapaligiran sa bahay*, *Pangangailangan ng direktang gabay ng guro*, *Suporta mula sa mga magulang at eksperto*, at *Mabilis na pacing ng aralin bilang gabay* ay nangangahulugan ng pangangailangan ng Suportang Institusyonal at ng organisadong domestikong kapaligiran upang maging matagumpay ang pagkatuto. Ang UNICEF (2022) ay nagpahayag na ang *learning loss* ay dapat mabawi upang maiwasan ang pangmatagalang pinsala sa pagiging produktibo ng mga bata sa hinaharap at malaki ang salik domestiko at kapaligiran lalo na kung ito ay hindi pabor sa konsentrasyon. Ang mabilis na *pacing* ng mga guro sa regular na klase ay nagpaparamdam sa mga bata na sila ay "nahuhuli" na sa lahat.

Sintesis

Ang pag-aaral na ito ay nagpakita ng isang malinaw na larawan ng kasalukuyang kalagayan ng mga mag-aaral sa Baitang 7 at 8 ng Barretto National High School sa aspeto ng pagbasa. Sa pamamagitan ng pagtatasa ng mga numero (quantitative) at pagsusuri sa tinig ng mga bata (qualitative), lumabas ang tatlong mahahalagang punto:

Una, ang mataas na bilang ng mga mag-aaral sa **Frustration Level (81.48%)** ay hindi lamang usapin ng kakulangan sa talino, kundi bunga ng malalim na teknikal at emosyonal na hadlang. Ang resulta sa *Item Difficulty Index* (Table 5), kung saan nakakuha ng **0.00** ang antas ng paglalapat (Applied Level), ay direktang sinusupportahan ng mga pahayag ng mga bata tungkol sa "pagkalito dulot ng Kahirapan sa pag-unawa at pagproseso ng binabasang teksto" Ipinapakita nito na habang hindi nade-decode ng mga bata ang mahahabang salita, hindi nila magagawang umakyat sa mas mataas na antas ng pag-unawa.

Pangalawa, napatunayan na ang **kapaligiran at emosyonal na seguridad** ay may malaking papel sa pagkatuto. Ang kaba at takot na mapahiya sa harap ng klase ay nagsisilbing pader na humaharag sa kasanayan ng mga bata. Ang ingay sa tahanan at distraksyon mula sa teknolohiya ay lalong nagpapalawak sa *learning gap* na binanggit ni Schult et al. (2022). Dahil walang makabuluhang pagkakaiba ang kasanayan sa pagbasa ayon sa baitang at kasarian, malinaw na ang suliraning ito ay pangkalahatan at nangangailangan ng kolektibong solusyon.

Sa kabuuan, ang pananaliksik na ito ay nagmumungkahi na upang matugunan ang **"Hamong Kinakaharap sa Pagbasa,"** kailangang pagsamahin ang mahusay na kagamitang interbensyon at ang isang mapagkandiling kapaligiran na walang takot at puno ng suporta.

Nabuong Kagamitang Interbensyon

Ang Inantas na Kagamitan sa Pagbasa sa Filipino o IKABASA para sa Baitang 7 at 8 ay ang interbensyong materyal na binuo ng mananaliksik. Ang materyal na ito ay dinisenyo upang maging *leveled*, ibig sabihin, angkop sa iba't ibang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 at 8.

Ang pangunahing awtput ng pananaliksik na ito ay ang IKABASA (Inantas na Kagamitan sa Pagbasa sa Filipino). Ito ay isang estratehikong binuong booklet na naglalayong magsilbing interbensyong kagamitan para sa mga mag-aaral ng Baitang 7 at 8 na nasa Frustration Level batay sa PHIL-IRI. Ang disenyo ng materyal ay sumasalamin sa konsepto ng scaffolding, kung saan ang hirap ng mga gawain ay unti-unting tumataas upang hindi mabigla at pangambahan ng mambabasa.

Ang sumusunod ay ang detalyadong paglalarawan ng mga bahagi ng IKABASA:

Ang booklet ay nahahati sa **walong (8) antas ng pagbasa** (Unang Antas hanggang Ikawalong Antas). Ang mga seleksiyong ginamit ay hinango mula sa *PHIL-IRI Graded Reading Passages sa Filipino (2018)*, na tiniyak na angkop sa kakayahan ng mga mag-aaral na nangangailangan ng remediation. Bawat antas ay maingat na binuo upang tugunan ang katatasan (fluency) at pagkilala sa mga salita bago tumungo sa mas malalim na pag-unawa.

Upang matiyak ang komprehensibong pagkatuto, ang bawat aralin sa loob ng IKABASA ay binubuo ng mga sumusunod:

Talasalitaan (Gawain A at B): Nakatuon sa pagkilala ng mga bahagi ng panalita (Pangngalan at Pandiwa) at ang tamang paggamit ng mga bagong salita sa pangungusap. Layunin nitong buwagin ang "Labirinto ng mga Salita" na karaniwang kinatitisan ng mga mag-aaral.

Salitang Tugma (Gawain C): Isang mekanismo upang sanayin ang pandinig at pagbigkas ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paghahanap ng mga salitang magkakatunog.

Pagtatayang Tatas-Basa: Isang bahagi na sumusukat sa bilis at kawastuhan ng pagbasa ng mag-aaral sa bawat antas.

Binigyang-diin sa pagbuo ng booklet ang pagiging *user-friendly*. Gumamit ang mananaliksik ng mas malalaking tipo ng letra (fonts) at mga biswal na representasyon o larawan. Ang estratehiyang ito ay napatunayang epektibo sa pagbabawas ng "Pagkabalisa sa pagbasa dulot ng takot sa negatibong reaksyon ng mga kaklase" o kaba ng mga bata, dahil ang materyal ay hindi nakakatakot tingnan kumpara sa mga tradisyunal na teksbuk.

Alinsunod sa **DepEd Memorandum 64, s. 2023**, ang IKABASA ay dumaan sa masusing pagsusuri ng tatlong (3) dalubguro mula sa mga kilalang paaralan sa lungsod ng Olongapo na nangunguna sa pagpapatupad ng mga programa sa pagbasa at maituturing na bihasa sa pagkilatis ng mga kagamitang panturo. Ang materyal ay nakakuha ng perpektong marka sa aspeto ng: a) **Nilalaman (Content)** na nakatuon sa kaangkupan ng mga kwento sa antas ng bata; b) **Format** na tumutukoy sa Kalinawan ng pagkakaayos at disenyo; at c) **Accuracy at Recency** na kawastuhan ng mga impormasyon at gramatika. Sa kabuuan, ang IKABASA ay hindi lamang isang simpleng koleksiyon ng mga kwento; ito ay isang siyentipikong binuong "salbabida" na nag-uugnay sa kakayahan ng mag-aaral patungo sa mas mataas na antas ng literasya. Ang pagiging "leveled" nito ang nagpapahintulot sa guro na magbigay ng indibidwalisadong gabay sa ilalim ng programang **Aral Reading**.

Antas ng Paggamit at Pagtanggap ng mga Guro sa Iminungkahing Kagamitang Interbensyon

Ang bahaging ito ay nagpapatunay sa kalidad at kaangkupan ng binuong kagamitang interbensyon batay sa pananaw ng mga eksperto.

Talahanayan 7 : Antas ng Paggamit at Pagtanggap ng mga Guro sa Iminungkahing Kagamitang Interbensyon ayon sa Content

Factor 1: Content	Frequency	Percentage
1. The RR is/ are appropriate for the learner's reading ability in Grade 3	3	100
2. The RR is appropriate for intended Reading Profile for Moderate Refresher	3	100
3. The RR purposively promotes literacy.	3	100
4. The RR is consistent with the DepEd social content guidelines	3	100
5. The RR enhances the development of desirable values, traits, and skills	3	100
6. The plot/ story line/ reading selection/ articles is:		
